Taunang Abiso para sa Mga Pagtatasa sa Buong Estado ng Oregon sa English Language Arts at Matematika

PAGPAPAUNLAD NG PAGMAKATAO AT KAHUSAYAN PARA SA BAWAT MAG-AARAL

Nakatuon ang Oregon para ihanda ang bawat mag-aaral sa kasanyan at kaalamang pang-akademiko na kinakailangan para sa tagumpay na higit pa sa mataas na paaralan. Ang mga pagtatasa sa buong estado ng Oregon sa English Language Arts (ELA) at Matematika ay ganap na nakaayon batay sa Mga Pamantayan ng Estado ng Oregon at nagbibigay sa mga mag-aaral sa mga baitang 3-8 at 11, kasama ng kanilang mga pamilya, ng isang sukatan ng akademikong tagumpay at paglago.

MGA PAGTATASA SA BUONG ESTADO NG OREGON...

- **…ay nilikha ng mga tagapagturo sa Oregon** at sa iba pang mga estado
- **…himukin ang inyong anak na mag-isip nang kritikal** at ilapat ang kanilang kaalaman sa iba't ibang konteksto
- **…higitan pa ang pagpipiliang sagot** at hilingin sa inyong anak na ipaliwanag ang kanilang mga sagot
- **…magsilbi bilang isang snapshot ng pag-unlad ng iyong anak** na maaaring isaalang-alang kasama ng iba pang mga piraso ng impormasyon upang matukoy ang akademikong tagumpay ng inyong anak
- **…tumulong sa mga paaralan at distrito** suriin ang kanilang mga sistema ng pagtuturo at pagkatuto, pati na rin matukoy ang mga grupo ng mga mag-aaral na ang mga pangangailangang pang-akademiko ay maaaring hindi sapat na natutugunan
- **…tumulong sa mga komunidad** na maunawaan kung gaano kahusay ang pagganap ng kanilang mga pampublikong paaralan

PAGLALARAWAN NG MGA KARAPATAN

Pinapayagan ng batas ng Oregon (ORS 329.479) ang mga magulang at nasa hustong gulang na mag-aaral na taunang mag-opt out sa mga summative na pagsusulit sa buong estado ng Oregon sa *English Language Arts (ELA) at/o Matematika* sa pamamagitan ng pagsusumite ng form sa paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral. Ang mga paaralan ay magbibigay sa mga magulang ng naaangkop na form nang hindi bababa sa 30 araw bago magsimula ang pagsubok.

❖ **Bakit mahalaga ang pakikilahok ng aking anak?**

Bagama't walang natatangging pagtatasa ang makapagbibigay ng kumpletong larawan ng pag-unlad ng inyong anak, ang mga pagtatasa sa buong estado ay nagbibigay sa mga tagapagturo at administrador ng Oregon ng isang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa kung anong mga pamamaraang pang-edukasyon ang gumagana at kung saan maaaring kailanganin ang mga karagdagang mapagkukunan. Ang pakikilahok ng inyong anak ay mahalaga upang matiyak na ang mga paaralan at mga distrito ay nakikilala ang mga lugar kung saan sila ay nakakatugon sa mga pangkalahatang pangangailangan ng mga mag-aaral, pati na rin upang matukoy ang mga lugar ng paglago.

❖ **Kailan kukuha ang aking anak ng pagsusulit?**

Tutukuyin ng paaralan ng inyong anak ang mga partikular na petsa kung kailan kukuha ang inyong anak ng mga pagsusulit sa loob ng iskedyul ng pagsusulit sa buong estado.

PAGSUSULIT SA BUONG ESTADO

Ang mga pagsusulit sa buong estado para sa English Language Arts at Matematika ay ilalapat sa parehong pangkalahatan at kahaliling pambuong-estadong mga pagtasa sa kabuuan.

Mga nasa baitang 3-8	Mga nasa baitang 11
03/30/2027 — 06/11/2027	02/02/2027 — 06/11/2027

MANATILING UPADATED

Bisitahin ang Starting Smarter webpage ng Oregon (https://or.startingsmarter.org) upang matuto nang higit pa tungkol sa kung ano ang dapat malaman at gagawin ng iyong anak English Language Arts at Matematika, upang tingnan ang mga sample na tanong sa pagtatasa, at para magbasa pa tungkol sa mga resulta ng pagsusulit ng inyong anak. Makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak o punong-guro ng paaralan para sa mga tanong.